

# Chapter 6 - Cognitive Dissonance

There are as many realities as there are people in the world. Do you believe yours is the one "true reality"? Me? I don't. I collect all available perspectives around me without judgement and discern on my own. I vibe with the people who have love and kindness as their reality. I love and accept whose realities vibrate in fear. We want a firm and solid belief that nobody can take away from us. Because something short of "sure" causes us anxieties and worries. What helps me is the attitude of "Come What May, Unconditional Love is in me, Unconditional Love will be the only thing that is left when everything else is taken from me".

We hold on to these belief patterns for our dear lives. If your belief patterns brings you happiness, peace of mind, personal success then by all means your beliefs are only going to get better. But if your belief systems, & your "Reality" leads you to an unhappy life, why not double-check it? The best thing I discovered is, I have power over my reality for the most part (not including general human consciousness). Who controls yours? Are your ideas yours? Are your fears yours? Are your goals yours? Pasensya na puro ingles itong susunod na kabanata. Pagbigyan nyo lang. We seem to ask these questions last because we rely on external factors most of the time. Trust your parents, Trust your School, Trust the TV News Anchors, etc. Trust your religious leader. We develop trust and reliance over these external authorities. WE forgot the most important person in our lives that has REAL authority over our lives, ourselves. Some people find that offensive. Because they will say, "NO!! TRUST GOD!!" I have a challenge with that notion because as there are 7.8 billion people there are also 7.8 perspectives of their own Gods. Most view their Gods as far from them. And it seems every religious leader are so sure of what they're feeding people. That they will hurt anyone who offends their deity. I found myself doublechecking what they taught me about all of those. The journey brought me where I

am today. Loved. Happy and full of promise.

If only everyone knew how humans are born with innate power. That divinity can never be taken away

from us. That the universe is scientifically and evidently connected with us. That our minds are an extension of the universal consciousness. Whatever the Universe can, we Can in some manner/ way or

form, in some space and time, we can.

Most have the belief that the last person that they will trust is themselves. The first person that they

should 'love' is NOT them, it should be another.

There are universal truths yes. But whatever reality you have today, I just want to tell you from the bottom

of my heart... your destiny is FULL OF UNCONDITIONAL LOVE. If your reality right now is far from that, trust that you will find the path of unconditional love.

When you find the humility to doublecheck your beliefs, your ego, what makes you who you are, you will

start this journey of discovering the real you.

The cosmic entity full of love and power having a temporary human experience.

Yes the same person you see in the mirror has the same likeness as the creator, just temporarily in an

awesome meatsuit.

Identifying our realities makes us 3rd Dimensional Humans and that is okay. When we are ready to Ascend as a civilization, reviewing every thought that is dissonant with you, that doesn't fit with you, is

the very act of achieving Divinity. Dissonance is not something to eliminate, for there is no separation. It

is something to be reflected upon. Whatever dissonant thought we have, where does it fit in Unity Consciousness?

Nahanap ko ang katotohanan nang ayusin ko ang pagdaloy ng aking mga emosyon. Ang pag-aaral ng

daloy ng emosyon ay hindi ibig sabihin ay hindi ka na makakaramdam ng mabibigat na emosyon. Ibig

sabihin lang na may malay ka habang nararamdaman mo ang emosyon na iyon at may malay ka kung

aangkinin mo ba ang emosyon o papakawalan.

Dito ko napagtanto na malala nga ang aking cognitive dissonance nung wala akong malay sa daloy ng

emosyon ko. Nahanap ko ang katotohanan at hindi na muli ako nabiktima ng pagpila sa katay.

Nahanap

ko ang mga bagay na magpapasaya sa akin at sa aking pamilya.

Emotion. Energy in Motion.

Ang ating mga emosyon ay may enerhiyang dala dala. Kapag malungkot ka o galit, mabigat ang enerhiya

mong dala. Kapag nagmamahal ka o masaya ka, napakagaan ng enerhiya mong dala. Ang ating pag-iisip

at kamalayan ay ganito rin gumagana. Parang radio frequency. Kapag ang emosyon mo ay mabigat, mabigat ang iyong frequency, madadala ka sa estasyon ng mabigat. Ang enerhiya ng kasinungalingan ay kaparehas din ng enerhiya ng mabibigat na emosyon tulad ng galit, lungkot at kahihyan. Ang enerhiya ng katotohanan ay kaparehas ng emosyon na magagaan.

Galatians 5:22 ang gabay sa mga nagbabasa ng Bibliya upang malaman kung ang isang impormasyon ay galing sa Espiritong Banal. Sa mga siyentipiko naman ay ang ating information processing systems sa katawan.

Ang utak, ang pineal gland, pituitary glands, ang thyroid glands, thymus, ang puso, ang tiyan at karatig na parte, adrenal glands, sex organs, ay ang mga information centers sa katawan. Hindi lang utak ang kayang magproseso ng impormasyon at emosyon. Marami nang pag-aaral ngayon na ang kalusugan ng Tiyan ay direktang nakakaapekto sa pagbantay sa ating emosyon.

Ang "intuition" o "Gut Feel" ay hindi kasabihan lamang. Kaya siya tinawag na "Gut Feel" kasi mismong mga neurons natin sa katawan ang nagproseso ng mga hinala. Marami kang maririnig na mga negosyanteng tagumpay dahil ginagamit nila ang kanila hinala sa mga desisyon, hindi utak lamang.

Maraming desisyon ang hindi kaagad maproseso at maintidihan ng utak, pero ang hinala tama. Parang girlfriend o asawa mo lang yan, laging tamang ang hinala.

Karamihan ng masa ay may cognitive dissonance, hindi lamang dahil sa paulit ulit na propaganda, kung hindi dahil sa pagkakasira ng mga information centers sa katawan. Nasira ito dahil sa kinakain, at sa mga side effect ng mga gamot ng Big pharma. Hindi lang emosyon ang inayos ko kundi ang pagkain ng tama at natural.

The most basic form of Hypnotism is repetition. Kaya kabisado ko pa rin ang Jingle ni Manny Villar noong 2010. "Nakaligo ka na ba sa dagat ng basura, nagpasko ka na ba sa gitna ng kalsada. Yan ang tanong namin! Tunay ka bang isa samin!"

Sinulat ko ngayon sa libro na walang Google. Kabisado ko pa rin? Haha. Yan ang pundasyon at sistema ng lahat ng advertisements o patalastas hindi ba? Paulit ulit hanggang maalala mo na hanggang bumili ka ng "Safeguard, kills 99.9% of Germs!"

Hindi ba ganun ang nangyari sa Mainstream media sa Covid propaganda? Paulit ulit ng paulit. Ang unang kinakatukan ng mga tao ay mga nagsisihulugang katawan sa Wuhan, China. Tumagal ng ilang

buwan,

wala namang naghuhulugang katawan at ang death rates ng ibang tao sa ibang mga sakit tulad ng Pneumonia at Tuberculosis ay hindi hamak na mas mataas pa sa Covid 19 death rates noong 2020.

Nagsihulugan ang mga malulusog katawan, kelan? 2021 at 2022? Pagkatapos ng roll out ng experimental gene therapy?

Yan ang isa sa mga matinding harang sa katotohanan at kumakalabit ng ating Cognitive Dissonance. Ang

pag-iisip ng masa na apektado ng paulit ulit na mensahe. Dahil may telebisyon na pare parehas pinapanuod ng mundo, at pare parehas sila ng naririnig at nakikita, tatanggapin na nila na yon ang katotohanan. Hindi dahil, nagsaliksik sila at tinignan kung totoo nga, kundi dahil lamang sa pareparehas silang kapanuod at nakakita.

Kahit walong bilyong tao pa ang magsabi ng kasinungalingan, mananatili itong Kasinungalingan.

Ang katotohanan ay hindi takot makwestyon o mapag-usapan. Bakit dumami lang ang "Fact-checkers" noong

lumalabas na ang katotohanan? Uulitin ko kahit sa librong ito, double-check lahat. Hindi ako pinahihintulutan ng kahit sino na mangaral at magsubo ng inyong magiging katotohanan.

Naalala ko ang panahong may nagsabi ng katotohan sakin mahirap tanggapin, tumibok ng matindi ang

puso ko at gusto kong labanan ang impormasyon, ang dating sakin ay parang masakit sa utak at damdamin. Ang pagkakasabi nya ay may kumpyansa at may kalma. Hindi sa namimilit siya sa kaniyang

paniniwala. Gusto nya lang pag-usapan ng matino. Nasa barbero ako noon. Hawak nya ang ulo ko kaya

nag-iingat ako sa sasabihin ko. Hahaha. Kaya kinalma ko na lang sarili ko at sinabing, "Sa ngayon pumayag na muna tayo na hindi tayo magkakaintindihan sa bagay na yan."

Dumating ang dalawang taon at nagkita kami ulit. Sinaliksik ko ang mahirap na katotohan na kanyang

inilatag ng mahirap na katotohanan. Sa mga unang salitang binitawan ko pa lang noong nagkita kami sabi

ko, "Bro tama ka! Solid! Grabe cognitive dissonance ko noon, as in tumitibok puso ko. Ngayon ang linaw na!"

Nadagdagan ang aming mga kwentuhan at nagpalitan ng mga sinasaliksik. Ang sarap kausap ng mga

taong bukas lang ang puso at utak. Hindi kagad nagagalit o nakakalabit ang emosyon sa mga idea. Bakit

tayo magagalit sa idea o paniniwala ng iba kung hindi naman tayo sasaktan? Bakit hindi natin papakinggan?

Noong ako naman nagkwento sakanya ng mga bago kong nasaliksik, nakitaan ko siya ng kunot sa oo. Tila

may konting Cognitive Dissonance. Nagkwentuhan lang kami, at sinabihan nya rin ako sa mga bagay na

hindi nya pa mahawakan. Ilang buwan ang makalipas nagkita ulit kami, sa kanyang sariling pagsasaliksik

siya na ang nauna saking nagsabi ang mga kinwento kong nagpakunot ng kanyang noo ay nahanap na rin ang katotohanan.

Hindi masama ang cognitive dissonance. Ito ay nagsisilbing ilaw lamang sa mga paniniwala mong kailangan mong busisiin. Ang pagkalito ay ang simula ng karunungan. Kumukunot ang mga noo natin o

napapatitig sa kawalan, dahil hindi tugma ang nakikita o naririnig natin sa ating paniniwala. Ang paniniwala ay malayo sa karunungan. Pwede kang maniwala nang hindi mo nakikita o nararanasan. Ang

karunungan ay kasiguraduhan. At ang tanging karunungan lang na alam ko ay, wala akong alam. Sa aking natutunan o nalalaman ay butil lamang sa kabuong kamalayan ng Uniberso at ng Diyos. Mas

marami pa nga akong napala noong pinakawalan ko ang iba kong natutunan. Mga natutunan na hindi naman nakakatulong.

Hindi importante sakín kung malaman ko ang lahat, makuha ko ang lahat. Sa bibliya, Mark 8:36-37 ,  
sinasabing "For what does it profit a man to gain the whole world and forfeit his soul? For what can a  
man give in return for his soul?"

Ang kaluluwa. Ang kaluluwa na gawa sa pag-ibig na walang hanggan at walang kapalit. Yan ang aking

napagtanto sa aking lakbay lalo na nung pinangak si Atlas. Mas simple ang katotohanan. Mas komplikado

ang kasinungalingan. Kaluluwa at pag-ibig? Simple ngunit hindi maarok kung hindi mo maranasan o maalala.

Nasa gitna tayo ng pinakamalaking digmaan para sa ating mga kaluluwa. Panalo ang kalaban pag mabibigat ang mga kaluluwa. Panalo tayo kung magaan ang mga kaluluwa.

Ang cognitive dissonance ay ang pinakaunang hakbang sa pag-alis sa kasinungalingan. Patungo sa katotohanan, doon tayo gagaan. Ano ang inyong mga naging "cognitive dissonance". Ang susunod na

kabanata ay ang paghaharap sa cognitive dissonance. Tama na tulog, gising na! Oh naalipungatan lang?

Gising Maharlika!

## 21 DAY CHALLENGE - DAY 6

Take Myer's Briggs Exam on "<https://eu.themyersbriggs.com/en/tools/MBTI>"

What is your personality Type?

---

---

---

## Life Design

You may not believe in Astrology as Divine Clockwork and Guidance, but consider consulting some who are great with Life Design. Send us an email at [legitkatipunero@gmail.com](mailto:legitkatipunero@gmail.com) for recommendations. Take note of your time of birth and date of birth, they will be needed.

What is your life design according to your Astrology?

---

---

---

---

Revision #1

Created 1 June 2025 07:47:00 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 07:47:18 by MaharlikanWatchman